



## Paghahanda sa iyong insurance na medikal na pagsusuri sa Portamedic®

### Sino ang Portamedic®?

Portamedic®, ang sangay ng Hooper-Holmes Canada Limited para sa impormasyong pangkalusugan, ay kilala bilang nangungunang tagapagbigay ng paramedical ng Canada. Kumikilos kami sa pakikipagtulungan sa iyong ahente at sa iyong Insurance company upang makapagbigay ng mga serbisyong paramedical.

### Ano ang Paramedical?

Ang paramedical ay isang dokumento na ginagamit upang makuha ang iyong impormasyong medikal. Bilang bahagi ng proseso ng pagseseguro, para sa iyong aplikasyon ng insurance, kinakailangang maisagawa ang mga serbisyong medikal.

### Saan at kailan isasagawa ang paramedical na pagsusuri?

Isang Portamedic® Health Professional ang makikipag-ugnayan sa iyo upang mag-schedule ng appointment sa oras na puwede ka na. Upang matugunan ang iyong mga pangangailangan, maaaring isagawa ang pagsusuri sa iyong tahanan, opisina o sa isang exam center.

### Ano ang kasama sa pagsusuri at gaano katagal ito?

Kabilang sa karaniwang pagsusuri ang iyong kasaysayang medikal, taas, timbang, urinalysis, presyon ng dugo at pulso. Karaniwang maaaring matapos ang pagsusuri sa loob ng **dalawampung minuto**, bagama't maaaring tumagal depende sa iyong kasaysayang medikal. Maaaring mukhang paulit-ulit ang ilang tanong, subali't kinakailangan.

### Anong uri ng impormasyong medikal ang hihingin?

Hihingin sa iyo ng Health Professional ang mga pangalan at address ng iyong mga doktor at/o espesyalista. Magtatanong din siya tungkol sa anumang karamdaman, operasyon, gamot o anumang nangyaring paggagamot sa iyo. Maaaring naisin mong gumawa muna ng tala upang hindi ka matagalan sa oras ng iyong pagsusuri.

### May iba pa bang kinakailangan?

Kung kinakailangan ng karagdagang pagsusuri, tulad ng ECG o pagsusuri ng dugo, aabisuhan ka agad ng Health Professional sa oras na i-schedule ang pagsusuri sa iyo.

### Mga Detalye Tungkol sa Pagsusuri sa Iyo

Dagdag pa sa pagsagot sa paramedical form, susukatin ng Health Professional, ang iyong timbang, taas, presyon ng dugo at maaaring kumuha ng dugo. Kung kinakailangan, kukuha ang Health Professional ng sapat na dugo para sa 2-5 tube.

Dahil karamihan sa atin ay medyo kinakabahan pagdating sa pagkuha sa ating dugo, hinihikayat kang maupo o mahiga habang isinasagawa. Malayang talakayin ang anumang pangamba na maaaring mayroon ka sa Health Professional. Magkakaiba ang bawat tao at maaaring iba-iba ang kanilang mga ugat. Kung mukhang natatagalan ang Health Professional, maaaring mahirap hanapin ang iyong mga ugat at hindi dapat isipin na pagpapakita ng mga kakayahan ng Health Professional. Maaaring may mapansin kang kaunting pagpapasa pagkatapos ng pagkuha ng dugo sa iyo. Mawawala ang anumang pagpapasa sa loob ng ilang araw.

Kapag hiniling mo, isang kopya ng mga resulta ng pagsusuri sa dugo ang maaaring direktang ipasa sa iyong personal na doktor. Pakibigay ang hiling na ito sa Underwriting Department ng iyong insurance company.

### Kakailanganin ba ang lagda ko?

Papayuhan ka ng Health Professional na repasuhin at lagdaan ang nakumpletong paramedical upang makumpirma ang katumpakan ng impormasyong iyong ibinigay. Hihilingin din nila ang iyong lagda para sa form ng Paunawa ng Pahintulot (Notice of Consent) na nagbibigay ng iyong pahintulot para makumpleto ang mga hinihingi at pinahihintulutan ang laboratory na ilabas ang mga resulta ng pagsusuri sa iyo sa iyong insurance company.

### Tungkol sa aming mga Health Professional

Maingat na pinipili ang lahat ng aming Health Professional para sa kanilang pinagsanayang medikal, at mga kasanayan sa serbisyo sa customer. Sinisiguro namin na kaya nilang patuloy na matugunan ang matataas na pamantayan nasingkahulugan ng Portamedic®. Makasisiguro kang nasa mabuting mga kamay ka.



### Privacy

Importante sa amin ang pagprotekta sa personal na impormasyon at alam namin ang aming mga responsibilidad sa pagprotekta sa lahat ng impormasyon. Kung gusto mong pag-aralan ang aming Patakaran sa Privacy, pakibisita ang [www.hooperholmes.ca](http://www.hooperholmes.ca) at mag-click sa Privacy o makipag-ugnayan sa amin sa 866-493-2800

Hindi kailangang maghubad, ngunit magsuot ng maikli ang manggas, o may manggas na madaling tupiin, upang mabigyang-daan ang pagkuha sa presyon ng iyong dugo.

Kung malalaki ang iyong bicep o daga-dagaan, pakisabihan agad ang health professional dahil kakailanganin niyang magdala ng malaking blood pressure cuff sa pagsusuri.

#### ◆ MAGPAHINGA

Iwasan ang caffeine nang ilang oras bago ang pagsusuri.

Iwasan ang mga nakalalasing na inumin nang hindi bababa sa walang oras bago ang pagsusuri.

Huwag manigarilyo nang kahit na isang oras bago ang iyong naka-schedule na appointment.

#### ◆ IWASAN ANG GYM

Inirerekomenda namin na umiwas ka sa mabibigat na hersisyo o gawain nang 12 oras bago ang pagsusuri sa iyo. Kung nakunan ka ng dugo, inirerekomenda rin namin ang anumang mabibigat na gawain o pagbubuhat ng mabigat nang hindi bababa sa 24 oras pagkatapos mong makunan ng dugo

#### ◆ AYUNO

Inirerekomenda rin na walang pagkain sa loob ng 8 hanggang 10 oras bago ang pagsusuri sa dugo; maliban kung nakakaranas ka ng ilang medikal na kondisyon.

#### ◆ MAG-ENJOY

Uminom ng tubig hangga't gusto mo! Tiyaking uminom ng isang basong tubig isang oras bago ang iyong naka-schedule na pagsusuri upang mabigyang-daan ang pagkuha ng sample ng ihi.



### Impormasyong Medikal

**(Mga) Doktor ng Pamilya/(Mga) Espesyalista**

\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

**(Mga) Doktor ng Pamilya/(Mga) Espesyalista**

\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

**Mga Karamdaman/Kondisyon/Pinsala:**

**Petsa/Diagnosis:**

\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

**Paggagamot/Gamot:**

\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

**Karagdagang Impormasyon:**

\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

**Kasalukuyang Gamot:**

**Pangalan:** \_\_\_\_\_

**Dosis:** \_\_\_\_\_

**Dahilan:** \_\_\_\_\_

**Pangalan:** \_\_\_\_\_

**Dosis:** \_\_\_\_\_

**Dahilan :** \_\_\_\_\_

### Impormasyong ihahanda sa pagsusuri sa iyo:



**Pangalan at address ng doktor ng pamilya**



**Lista ng kasalukuyang gamot:**

Mga pangalan ng reseta, ang dosis at dalas



**Lista ng mga karamdaman:**

Pakisama ang mga petsa ng paggagamot



**Personal na Pagkakakilanlan:**

Pakihanda ang litratong pagkakakilanlan na ibibigay sa Health Professional

### Naka-schedule ang iyong appointment sa:

\_\_\_\_\_ : \_\_\_\_\_  
**Petsa** **Oras**



**Corporate Office:**  
Toronto, ON  
1-800-268-1272

[www.hooperholmes.ca](http://www.hooperholmes.ca)